

Music

Ikalawang Markahan – Modyul 2: Hugis ng Himig



Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 2: Hugis ng Himig
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Ma. Lorentina C. Eder
Editor:	Amelia F. Bulaong
Tagasuri:	Jocelyn DR. Canlas
Tagaguhit:	Neil Omar B. Gamos / Reynaldo B. Pacleta
Tagalapat:	Melissa M. Santiago / Reynaldo B. Pacleta, Leomar G. Paracha
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas Nestor P. Nuesca, Fatima M. Punongbayan, Arnelia R. Trajano Salvador B. Lozano

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Music

Ikalawang Markahan – Modyul 2: Hugis ng Himig

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa ating tiwala sa sarili. Maingat at mabusisi na ginawa ang bawat detalye o laman ng modyul na ito pra sa ating mga mag-aaral upang lubusang maintindihan ang pagkakaiba ng bawat tao. Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito inaasahan na maipamamalas mo ang iyon kakayahang:

1. Pagpapakitang hugis ng himig (melodic contour) sa pamamagitan ng:
 - a. paggalaw ng katawan (body staff)
 - b. pagsulat ng mga linyang musical sa papel man o sa hangin (melodic line at line notation)**(MU2ME-IIc-6 /MU2ME-IIc-7)**
2. Pag-awit ng mga awiting pambata sa tamang tono.
(MU2ME-IIb-4)



Subukin

Panuto: Iguhit ang araw(☀) kung tama ang impormasyon at buwan (☾) kung mali. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

- ____ 1. Ang hugis ng himig ay maaaring pakurba, patuwid o nakahiga.
- ____ 2. Ang himig ng musika ay gumagalaw sa iba't ibang direksiyon.
- ____ 3. Melodic lines ang tawag kapag linya ay lagi lang nakahiga.
- ____ 4. Line notation naman ang tawag sa paraang puro linyang pahiga ang ginagamit sa pagtanda ng mga tonong tumataas o bumababa.
- ____ 5. Ito ay maaaring maging hugis ng burol, bundok, kapatagan, at lambak. Melodic lines ang tawag sa paraang ito.


Aralin

1


Himig Ko, Tukuyin Mo

Mailalarawan natin ang himig ng musika sa pamamagitan ng **body staff**, **line notation**, o **melodic line**.

Body Staff




Line Notation



Twin – kle , twin – kle lit - tle star

Melodic Line





Balikan

Panuto: Tukuyin ang mga tunog na nalilikha sa paligid. Iguhit ang bituin (☆) kung mataas ang tunog at parisukat (□) naman kung mababa ang tunog.

- _____ 1. Kalembang ng malaking kampana.
- _____ 2. Tilaok ng manok sa madaling-araw.
- _____ 3. Ungal ng baka.
- _____ 4. Kahol ng tuta.
- _____ 5. Tunog ng kulog



Mga Tala para sa Guro

Sa modyul na ito malilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paglalarawan sa hugis ng himig.



Tuklasin

Panuto: Awitin ang Twinkle, Twinkle Little Star.


Twin-kle, twin-kle lit - tle star How I won-der
what you are! Up a - bove the world so high,
Like a dia-mond in the sky! Twin-kle, twin-kle
lit - tle star, How I won-der what you are!

Napansin mo ba ang tonong “Twinkle, Twinkle Little Star”? Ito ay may mga tonong pataas, may mga tonong pababa at may mga tonong umuulit o pare-pareho. Ang pataas, pababa, at umuulit o pare-parehong tono ng awit o musika, ito ang bumubuo ng hugis ng musika.



Suriin

Ang kilos na nakikita sa larawan ay halimbawa na kung iginagalaw ang kamay pataas at pababa ay katumbas ng tono ng musika. Kapag tumataas ang tono ng awit, ang kamay ay igagalaw ng pataas, kapag pababa naman ang tono pababa din ang galaw ng kamay at kapag ang tono ay umuulit o parepareho, walang pagbabago ang galaw ng kamay. Maaaring magsimula sa tiyan ang galaw ng kamay. Ang paggamit ng ating kamay at katawan sa paglalarawan ng galaw ng himig ay tinatawag na body staff.



Pansinin ang direksyon ng tono ng awiting “Tirit ng Maya”. Ipinakikita ang direksiyon ng awit kung pataas o pababa ang tono sa pamamagitan ng body staff.

Tirit ng Maya

Philippine Folk Tune

Moderato

Ti-ri - rit ng ma-ya, Ti-ri - rit ng I - bon, Ang hu
ni ng t'yan ko'y ti-nu-mis na ba-boy; Ti-ri - rit ng i -
bon, Ti - ri - rit ng ma - ya, Ang hu -
ni ng t'yan ko'y ti-nu-mis na ba - ka.

Panuto: Matapos ipakita ang direksiyon ng awit, sagutan ang tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Kung ang tono ng awit ay mababa, paano ang galaw ng iyong kamay?
2. Kung ang tono ng awit ay mataas, paano ang galaw ng iyong kamay?
3. Kung ang tono ng awit ay umuulit o pare-pareho, paano ang galaw ng iyong kamay?
4. Ano ang kaugnayan ng paggalaw ng kamay sa galaw ng himig?

Gawain 1:

Awitin ang chorus ng paborito mong awit habang isinasagawa mo ang kilos ng iyong katawan at kamay upang ipakita galaw ng himig nito.

Ang iyong mga magulang o miyembro ng pamilya ang magsisilbing tagapanood at magsasagot sa mga tanong sa rubric sa paglalagay ng tsek (/) sa kolum.

Pananda:




3- Napakahusay

2- Magaling

1- Nangangailangan ng gabay


Tanong	3	2	1
1. Naawit ba nang maayosattamang taas o baba ang kanta?			
2. Natukoy ba ang tono ng awit sa pamamagitan ng galaw ng katawan at kamay?			
3. Naipamalas ba ang galing sa pag-awit nang may tiwala sa sarili?			

Ito ang paraang line notation sa awiting “Twinkle, Twinkle Little Star” na kung saan ay puro linyang pahiga ang ginamit upang ipakita ang tono kung pataas o pababa.




Gawain 2:

Panuto: Iguhit sa kuwaderno ang hugis ng awiting "Twinkle, Twinkle Little Star" sa paraang line notation. Ang unang linya ay nagawa na para sa iyo.



Twin - kle, twin - kle lit - tle star



How I wonder



What you are

Ngayon naman ay tingnang mabuti ang notasyon ng awiting“ Leron-Leron Sinta “

Ang himig ng musika ay gumagalaw sa iba't ibang direksiyon. Maaari itong maging burol, bundok, kapatagan, at lambak.

Ang mga guhit na nasa ibabaw ng mga nota ay tinatawag nating melodic line. Ito ay maaaring pakurbang-pababa o pataas mula kaliwa-pakanan.

LERON LERON SINTA


Le - ron Le-ron Sin - ta Bu - ko ng pa - pa - ya Da -

4 la - da-la'y bus - lo Si - sid-lan ng bu - nga Pag da-ting sa du - lo Na -

7 ba - li ang sa-nga Ka - pus ka - pa - la - ran Hu - ma-nap ng i - ba

Gawain 3:

Panuto: Iguhit mo sa kuwaderno ang hugis o contour ng apat na bahagi ng awiting “Leron-Leron Sinta” sa paraang melodic line. Ang unang linya ay nagawa na para sa iyo.





Pagyamanin

Gawain 1:

Panuto: Ngayon naman ay ipakita mo ang hugis ng awiting “Leron-Leron Sinta” sa paraang line notation. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot. Ang unang linya ay nagawa na para sa iyo.

— — — — —

Le ron, Le - ron sin- ta

Buko ngpapaya

Dala - dala'y buslo

Sisidlan ngbunga

Gawain 2:

Panuto: Awiting muli ang “Leron-Leron Sinta”, habang umaawit, itaas ang kamay kung ang tono ay mataas at ibaba ang kamay kung bumababa ang tono. Sagutin at isulat sa kuwaderno ang sagot sa mga tanong.

1. Ano ang pamagat ng awit? _____
2. Ano ang ginawa mo kung tumaas ang tono? _____
3. Kapag mababa ang tono, ano ang ginawa mo sa iyong mga kamay? _____
4. Ano ang tawag sa paraang ginawa mo habang ikaw ay umaawit? _____
5. Nakasunod ka ba sa panuto? _____



Isaisip

Ang melodic contour o hugis ng himig ng isang bahagi o kabuoan ng awit na mailalarawan sa pamamagitan ng body staff, melodic line, at line notation.



Isagawa

Panuto: Gamitin ang dalawang paraan upang ipakita ang pagbaba at pagtaas ng tono ng awit. Gawin ito sa kuwaderno.

1. Sa paraang linenotation

Per – las ng Si – la – nga – nan

2. Sa paraang melodicline

A – lab ng pu – so



Tayahin

Panuto: Awitin ang “LupangHinirang”. Damahin ang bawat salita nito. Ano kaya ang iyong mararamdaman kung ikaw ay isa sa mga Pilipinong nakipaglaban para sa ating bayan?

Ilarawan at iguhit sa iyong kuwaderno ang nilalaman ng awit sa pamamagitan ng iyong imahinasyon na walang kulay. Ang iyong tatay o nanay naman ang siyang magsusuri ng iyong iginuhit at magbibigay sa iyo ng iskor.

Pamantayan sa Pagbibigay ng Iskor:

Sariling likha : 3 puntos _____

Kayarian : 2 puntos _____



Karagdagang Gawain

Panuto: Matapos mong awitin ang “LupangHinirang” at maiguhit ang laman ng iyong isip, sagutin ang mga inihandang tanong nang may buong katapatan. Iguhit ang () sa kolum. Gawin ito sa kuwaderno. Ang iyong tatay o nanay ang siyang magsusuri sa gawaing ito at magsasagot sa rubric.

Pananda:

3 - BuongHusay

2 – Mahusay

1 - Nangangailangan ng Gabay o Tulong

Tanong saGawain	3	2	1
1. Naawit ba nang tama ang “LupangHinirang”?			
2. Nadama ba ang kahulugan ng awit?			
3. Naiguhit ba gamit ang imahinasyonang nilalaman ng awit?			
4. Nakapagpakita ba ng kasiglahan sagawain?			
5. Matapos maiguhit ang nilalamanng isipantungkolsa awit na “LupangHinirang, naramdaman ba ang pagiging Pilipino?			



Susi sa Pagwawasto

Subukin	Baliklan	Surin: Gawain 1 1. Kapag pababa ang tono pababa din ang galaw ng kamay. 2. Kapag tumataas ang tono ng awit, ang kamay ay igagalaw ng patas. 3. Kapag ang tono ay umuulit opare-pareho, walang pagbabago ng galaw ng kamay. 4. Kung ang galaw ng himig ay patas, pababa o walang pagbabago, ganoon din ang galaw ng kamay.
---------	----------	--

Surin: Gawain 2

How I won - der

What you are i

Surin: Gawain 3

Buko ng papaya

Dala - dala'y buslo

Sisidan ng bunga

Pagayamanin: Gawain 1

Sisidan ng bunga

Dala - dala'y buslo

Buko ng papaya

Leron, leron sinta

Isagawa:

A- lab ng pu- so

Per- las ng si- la- nga- nan

Pagayamanin: Gawain 2

1. Leron-Leron Sinta poi
 2. Itinaas ko po ang dalawang kamay ko
 3. Ibinaba kop o ang aking mga kamay
 4. Body Staff poi
 5. Opo, kasi madali lang po

Sanggunian

Digo, Maria Elene D., Ilagan Amelia M., Obmasca Jr., Isidro R.,
Mendoza Randy G., Rodriguez Darwin L., Music and Arts, Physical
Education and Health – Ikalawang Baitang Kagamitan ng
Mag-aaral, Unang Edisyon 2013

Enguero, Fe V., Dr. Enrico M. Habijian and Arlene R. Dela Vega, Music
, Art, Physical Education and Health 2: Kagamitan ng Mag-
aaral. Pasig City, Philippines: Department of Education-
Instructional Materials Council Secretariat (DepEd- IMCS)

Guidelines on the Use of Most Essential Learning Competencies
(MELCs) of DepEd Order No. 12, s.
2020. [https://drive.google.com/file/d/1bAL4tP8
WybfUtAQFmIID0r8FxBKdXL/view](https://drive.google.com/file/d/1bAL4tP8WybfUtAQFmIID0r8FxBKdXL/view)

"K to 12 Grade 2 Learning Material In MAPEH".
[https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-
material-in-mapeh](https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-material-in-mapeh)

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqaad@deped.gov.ph * blr.lrp@deped.gov.ph